



# Ang iyong gabay sa nbn™ network



# Nilalaman

Ano ang <b>nbn</b> <sup>™</sup> network?	4
Kailangan ko bang kumonekta?	5
Paano ako makakonekta?	6
Pakinabangan nang husto ang setup ng internet sa iyong tahanan	8
Mahalagang impormasyon sa pagiging tugma ng kagamitan	10
Protektahan ang iyong sarili mula sa mga panloloko	12



# Ano ang network ng **nbn**<sup>™</sup>?

Ang **nbn**<sup>™</sup> network ang imprastruktura na gagamitin ng mga provider ng telepono at internet upang ikonekta ka sa isang **nbn**<sup>™</sup> powered plan. Ang paglunsad nito ay dinisenyo upang ma-access ng mas marami pang mga Australyano ang mabilis na broadband.



# Kailangan ko bang kumonekta?

Ang **nbn**<sup>™</sup> network ay papalit sa karamihan ng umiiral na mga network ng telepono at internet na nasa landline, kaya't karamihan ng mga tao ay kailangang kumonekta – kahit teleponong landline lang ang ginagamit mo.\*

## Hindi lahat ng mga serbisyo ay maapektuhan

Bagaman karamihan sa mga umiiral nang serbisyo ay papalitan ng **nbn**<sup>™</sup> network, mayroong ilang mga serbisyo na hindi dapat maapektuhan. Kasama rito ang mga serbisyong ibinibigay sa mga non-**nbn**<sup>™</sup> fibre network, ilang mga serbisyo sa ilang mga apartment complex, at ilang mga negosyo at mga Espesyal na Serbisyo. Kung ikaw ay naninirahan sa isang lugar na nakakatanggap ng **nbn**<sup>™</sup> Sky Muster<sup>™</sup> o Fixed Wireless, mayroon kang opsiyon na panatilihin aktibo ang iyong serbisyo sa umiiral na copper network. Higit itong mahalaga kung ikaw ay hindi nakakatanggap ng magandang saklaw ng mobile sa iyong tirahan.

Inirerekomenda ng **nbn** na makipag-ugnay ka sa iyong provider ng telepono at internet sa lalong madaling panahon upang malaman kung maapektuhan ang iyong serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/switchoff](https://nbn.com.au/switchoff)

Upang suriin kung ang iyong tahanan ay handa nang kumonekta, bisitahin ang [nbn.com.au/check](https://nbn.com.au/check)

\*Ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa **nbn**<sup>™</sup> network ay papalit sa mga serbisyo sa telepono at internet na ibinibigay sa karamihan ng umiiral na mga network na landline, kasama ang copper at ang karamihan ng mga HFC network sa loob ng fixed line footprint. Ang petsa ng pag-switch off ay maaaring magbago. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/switchoff](https://nbn.com.au/switchoff)

# Paano ako makakonekta?

Kailangan mong makipag-ugnay sa isang provider ng telepono at internet at humiling ng isang **nbn™** powered plan gamit ang mga hakbang sa ibaba.

## Pagkonekta sa iyong telepono at internet



**Suriin** kung paaano mo ginagamit ang internet sa oras na maabala (7 ng gabi - 11 ng gabi), kabilang kung gaano karaming mga device ang ginagamit at kung paaano ginagamit ang mga ito.



**Piliin** ang tamang plano ng bilis (speed plan) sa tulong ng isang provider.



**Kumonekta** sa tulong ng iyong provider at lubusin ang iyong karanasan gamit ang mga tip sa pahina 8.

## Pagkonekta ng iyong telepono lamang

Kailangan mong pumili ng isang plano na nababagay sa mga serbisyong pang-telepono lamang sa tulong ng isang provider. Malamang na ito ay batay sa baitang na 'Basic Evening Speed'.

Para sa buong listahan ng mga provider sa inyong lugar, bisitahin ang [nbn.com.au/providers](https://nbn.com.au/providers)



## Ang iyong provider ng telepono at internet ay isang nagtitinda na:

- Tumutulong sa iyo na pumili ng isang plano na angkop sa iyong pangangailangan
- Nag-aayos ng petsa kung kailan maikokonekta ang iyong tahanan
- Nagbibigay o nagrerekomenda ng isang **nbn™** compatible modem
- Nagbibigay ng mga instruksiyon kung paano kumonekta
- Tumutulong sa paglutas ng anumang mga isyu kapag kumonekta ka.



## Ang nbn ay isang mamamakyaw na:

- Nagpapatayo at nagpapanatili ng imprastruktura na bumubuo sa **nbn™** network
- Nagbibigay ng mga serbisyong broadband sa mga provider ng telepono at internet
- Hindi nagbebenta nang mga serbisyo sa telepono at internet nang direkta sa publiko.



# Pakinabangan nang husto ang setup ng internet sa iyong tahanan

Kapag nakakonekta ka na, gamitin ang mga tip sa ibaba upang lubusin ang iyong karanasan.\*



## Isalang-alang ang saklaw ng iyong Wi-Fi

Kung mas malapit ka sa iyong modem, mas malamang na mas mahusay ang iyong signal. Ilagay ang iyong modem sa mataas na posisyon at iwasang itago ito sa likod ng isang TV o sa loob ng isang aparador, dahil ang mga lugar na ito ay maaaring gawing mas mahina ang signal nito. Ang mga matitibay na pader, ref, at kasangkapan ay maaari ring humadlang sa iyong signal. Sa mga lugar na may mahinang signal, isaalang-alang ang paggamit ng Wi-Fi extender o pagkonekta ng mga nakapirming kagamitan, tulad ng iyong TV, nang direkta sa iyong modem.



## Iwasan ang mga nakakahadlang

Ang mga electronics tulad ng mga microwave, mga wireless security system at mga cordless phone ay maaaring makahadlang sa mga wireless signal, kaya subukang ilayo ang mga ito sa iyong modem.



## Suriin ang kalidad ng iyong kagamitan

Ang mga kable ng modem na may pilipit, pulupot, o napudpod ay maaaring makaapekto sa iyong paggana, kaya pag-isipang palitan ang mga ito. Dapat palagi mong gagamitin ang mga kable na kasama ng anumang mga bagong kagamitan, at suriin na mayroon kang pinakabagong modelo ng modem mula sa iyong provider.



## Suriin ang iyong mga pagpipiliang kable

Kung luma na ang iyong tahanan, maaaring makatulong ang pagkuha ng isang rehistradong tagapaglagay ng kable upang masuri ang kalidad ng iyong mga kable (wiring) sa bahay.



## Patayin ang mga mas lumang kagamitan

Ang ilang mga computer, printer at mobile phone na mahigit sa sampung taon ay maaaring makaapekto sa bilis ng koneksyon sa pagitan ng iyong modem at iba pang mga kagamitan sa iyong tahanan. Isaalang-alang na patayin ang mga kagamitang ito kung hindi ito ginagamit, o pag-isipan ang pag-upgrade sa mga ito kung nais mong manatili itong bukas sa lahat ng oras.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/optimisation](https://nbn.com.au/optimisation)

\*Ang iyong karanasan, kasama ang mga bilis na talagang nakakamit sa **nbn**™ network, ay depende sa teknolohiya ng **nbn**™ at pagsasaayos kung aling mga serbisyo ang naihatid sa iyong tahanan, kung gumagamit ka ng internet sa maabalang panahon, at ilang kadahilanan sa labas ng pamamahala ng **nbn** (tulad ng kalidad ng iyong kagamitan, software, broadband plan, signal reception at kung paano dinisenyo ng iyong provider ng telepono at internet ang kanilang network).

# Mahalagang impormasyon sa pagiging tugma ng mga kagamitan

Ang sumusunod na mga kagamitan ay maaaring hindi tugma sa iyong serbisyo sa **nbn**™ network.\*



Mga medical alarm, mga autodialler, at mga emergency call button



Mga fax machine at kagamitang TTY (teletypewriter)



Mga naka-monitor na fire alarm at mga security alarm



Mga EFTPOS machine at ATM



Mga pang-emerhensiyang telepono sa elebeytor



## Ang kailangan mong gawin:

1. Irehistro ang iyong medical alarm, fire alarm o pang-emerhensiyang telepono sa elebeytor sa **nbn** sa pamamagitan ng pagbisita sa **nbn.com.au/compatibility** Makakatulong ito sa **nbn** na alamin kung saan maaaring kailangan ng tulong upang mabawasan ang paghinto ng serbisyo.
2. Tawagan ang provider/tagagawa ng kagamitan upang suriin kung gagana ito sa **nbn**™ network, o kung kinakailangan mong humanap ng alternatibong solusyon.



## Mga blackout sa kuryente

Ang mga kagamitang konektado sa **nbn**™ network ay hindi gagana kung may blackout sa kuryente. Siguraduhing mayroon kang nakahandang alternatibong paraan ng komunikasyon (na gaya ng isang naka-charge na mobile phone).

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/compatibility](https://nbn.com.au/compatibility)

\*Ang paglulunsad ng **nbn**™ network ay may kasamang mga bagong teknolohiya, at ang ilang umiiral na mga kagamitan, kabilang ang maraming mga medical alarm, ay maaaring hindi tugma sa mga ito sa lahat ng oras. Dapat kang makipag-ugnay sa iyong provider ng kagamitan upang malaman kung gagana ang iyong alarm o iba pang kagamitan kung konektado sa **nbn**™ network at kung anong mga alternatibong solusyon ang magagamit. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/compatibility](https://nbn.com.au/compatibility)

# Protektahan ang iyong sarili mula sa mga panloloko

Ang kaalaman sa mga sumusunod ay makakatulong sa iyo upang mapanatiling ligtas ang mga mahahalagang detalye:

- Ang **nbn** ay hindi kailanman gagawa ng mga hindi hinihiling na tawag o kakatok sa pinto upang humingi ng bayad.
- Ang **nbn** ay hindi kailanman gagamit ng 'robocalls' o isang automated assistance call upang ipaalam sa iyo ang mga petsa ng pagdiskonekta.
- Ang **nbn** ay hindi kailanman hihiling ng remote access sa iyong computer sa pamamagitan ng pag-install ng mga programa na kagaya ng TeamViewer.
- Ang **nbn** ay isang mamamakyaw, nangangahulugan na kailangan mong bumili ng isang **nbn**™ powered plan sa pamamagitan ng isang provider ng telepono at internet.
- Ang **nbn** ay maaaring direktang makipag-ugnay sa iyo bilang bahagi ng paglulunsad ng network, ngunit hindi kailanman hihilingin sa iyo na bumili ng isang **nbn**™ powered plan.
- Ang **nbn** ay maaaring tumawag sa iyo kung ikaw ay nasa Medical Alarm o Fire and Lift Registers (MAR) ngunit hindi kailanman hihiling ng mga detalye sa pagbabayad o bank account.
- Lahat ng mga aprobadong technician at manggagawa ng **nbn**™ ay may dala na mga enAble™ ID. Kung hindi ka sigurado, hilingin na makita ito.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/scamadvice](https://nbn.com.au/scamadvice)

**Kung sa palagay mo ay naibigay mo ang iyong mga detalye sa isang nanloloko:**

1. Makipag-ugnay kaagad sa iyong bangko o institusyong pampinansya
2. Isumbong ang nangyari sa iyong lokal na pulisya
3. Makipag-ugnay sa IDCARE sa **1800 595 160** kung sa palagay mo ay naibigay mo sa isang nanloloko ang remote access sa iyong computer

Upang maprotektahan ang iba, isumbong ang mga panloloko sa Australian Competition & Consumer Commission (ACCC) sa pamagitan ng [scamwatch.gov.au](https://scamwatch.gov.au)









# Ang iyong checklist sa koneksyon

- Nasuri ko na ang aking bahay ay maaaring kumonekta sa **nbn™** network sa pamamagitan ng pagbisita sa [nbn.com.au/check](https://nbn.com.au/check)
- Inirehistro ko ang anumang kagamitan na mahalaga sa kaligtasan (safety-critical equipment) sa nbn sa pamamagitan ng pagbisita sa [nbn.com.au/compatibility](https://nbn.com.au/compatibility) \*
- Nakipag-ugnay ako sa isang provider ng telepono at/o internet upang ikonekta ang aking mga naapektuhang serbisyo sa isang **nbn™** powered plan na angkop sa aking mga pangangailangan.^
- Nalubos ko ang pag-setup ng aking internet sa bahay gamit ang mga tip sa pahina 8.

## Ingles ba ang iyong pangalawang wika?

Makipag-ugnay sa Serbisyo sa Pagsasalina at Pag-interpretar sa **131 450** o bisitahin ang [nbn.com.au/multilingual](https://nbn.com.au/multilingual) para sa karagdagang impormasyon

\*Ang paglulunsad ng **nbn™** network ay kasama ang mga bagong teknolohiya, at ang ilang umiiral na mga kagamitan, kabilang ang maraming mga medical alarm, ay maaaring hindi tugma sa mga ito sa lahat ng oras. Dapat kang makipag-ugnay sa iyong provider ng kagamitan upang malaman kung gagana ang iyong alarma o iba pang kagamitan kung konektado sa **nbn™** network at kung anong mga alternatibong solusyon ang magagamit. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/compatibility](https://nbn.com.au/compatibility)

^Ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa **nbn™** network ay papalit sa mga serbisyo sa telepono at internet na ibinibigay sa karamihan ng umiiral na mga network na landline, kasama ang copper at ang karamihan ng mga HFC network sa loob ng fixed line footprint. Ang petsa ng pag-switch off ay maaaring magbago. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [nbn.com.au/switchoff](https://nbn.com.au/switchoff)